5

# Modelong Banghay- Aralin sa Filipino

Kuwarter 2
Linggo
2

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Asignatura 5**
**Kuwarter 2: Linggo 2**
**SY 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat: Maria Fe G. Hicana**
**Tagasuri: Jasper Lomtong**

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS**

| ***I.* NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabularyo (denotasyon, konotasyon, tono, at damdamin) na ginagamit sa pormal at di pormal na mga sitwasyon, lumalagong kaalaman sa mga estrukturang gramatikal, kritikal at lapat na pag-unawa sa tekstong naratibo (tulang pambata, kuwentong katatakutan, maikling kuwento at dulang pambata) at tekstong impormatibo (balita), at umuunlad na kasanayang produktibo sa pagbuo ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing pangkomunidad at pambansa na may kaangkupang kultural (pasalita, pasulat, at biswal) na batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tuwirang balita tungkol sa napapanahong isyu sa komunidad o bansa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>*(Una at Ikalawang araw)*<br>**Nauunawaan ang tekstong naratibo (kuwentong katatakutan).**<br>*b. Naibibigay ang kahulugan ng kilos at pahayag ng tauhan.*<br>**Naiuugnay ang mga pangyayari sa teksto sa sariling karanasan.**<br>*(Una at Ikalawang araw)*<br>• **Nagagamit ang mga salitang may pormal na depinisyon sa pagbuo ng pangungusap.**<br>*(Ikatlong at Ikaapat na araw)*<br>**Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa kahulugan.**<br>**Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.**<br>*b. Kaantasan ng Pang-uri (pasukdol)*<br>*(Ikalimang araw)*<br>**Natutukoy ang mga elemento ng *multimedia*.** |

| | |
|---|---|
| | • *audio (music, sound effects)* |
| **C. Nilalaman** | Ikalawang Linggo<br>AKDANG NARATIBO:<br>Kuwentong Katatakutan<br><br>KAUGNAY NA PAKSA:<br>WIKA: Kaantasan ng Pang-uri (pasukdol)<br><br>TEKSTONG BISWAL:<br>*audio (music, sound effects)* |
| **D. Integrasyon** | Pagpapahalagang Kultural (Mga Paniniwala) |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


Enhanced Basic Education Act. (2013). Nakuha mula sa https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/
Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.
Garzon, V. (2018). MAIKLING KWENTO: Ang "Aswang" sa baryo dekada sitenta. PhilNews. https://philnews.ph/2018/11/12/maikling-kwento-ang-aswang-sa-baryo-dekada-sitenta/
Kuwentong Kababalaghan. (2024). https://chartable.com/podcasts/kwentong-kababalaghan-dieem-stories
Cinematic Suspense Rising #2 (Movie Trailer Sound Effect). (2016). https://www.youtube.com/watch?v=Qmu1zVUZDkc&list=PL15Ye5QoAEgxb8zdOLTA1tumUHE0vkSoE&index=1


| **II. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**ISTORYAGRAM**: Pagkukuwento sa naranasan.<br>**1. Maikling Balik-aral** | Sa bahaging ito maghahanda ang guro ng makukulay na papel na nakasulat ang tanong sa bawat papel kung saan, |

| | | |
|---|---|---|
| | **Husay-Salaysay**<br>● Bubunot ang mag-aaral ng papel na may kulay.<br>● Ang papel na mabubunot ay may laang tanong.<br>● Isalaysay ito nang masining na may tatlo hanggang limang pangungusap.<br>● Kung sino ang may pinakamaraming palakpak ang magwawagi.<br><br>Narito ang nakasaad sa bawat kulay ng papel.<br><br>Dilaw – isalaysay ang pinakamasayang pangyayaring naranasan mo<br>Berde- isalaysay ang nakakatakot na pangyayaring napanood o naranasan mo<br>Asul- isalaysay ang nakakalungkot na pangyayaring naranasan mo | ang mga mag-aaral ay masining na magsasalaysay.<br><br>Tumawag ng anim o higit pang mag-aaral depende sa dami ng mag-aaral. Maaaring baguhin ang kulay ng mga papel. |

<table>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>KUWENTOGRAM: PAGPAPAKILALA SA KUWENTONG KABABALAGHAN<br><br>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Pagpoproseso ng Damdamin: Ipahayag ang bumabagabag sa damdamin sa pamamgitan ng pagsagot sa mga tanong:<br>1. Ano ang nakakatakot para sa iyo? Bakit ka nanatakot?<br>2. May naranasan ka na bang nakaktakot? Ano ito?<br><br>2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>Saliksik-Sagot: Bago basahin ang kuwento ng kababalaghan, saliksikin ang kahulugan ng mga salitang nakatala sa diksiyonaryo, sa internet o sa iba pang resorses. Huwag kalimutang itala kung saan kinuha ang depinisyon ng salita.<br><br>
<table>
<tr><th>SALITA</th><th>PINAGKUHAAN/SORS</th><th>KAHULUGAN</th></tr>
<tr><td>1. aswang</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>2. tikbalang</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>3. kapre</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Tumawag ng ilang mag-aaral upang ipasagot ang tanong sa Pagpoproseso ng Damdamin</td>
</tr>
<tr>
<td>3. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>KUWENTUKLAS: PAGTUKLAS NG KAALAMAN<br>Kaugnay na Paksa 1: Kuwento ng Katatakutan<br><br>1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>Pag-isipang mabuti ang sumsunod na tanong:<br>✔ Nakabasa o nakapanood ka na ba ng kuwento ng katatakutan?<br>✔ Ano-ano ang mga naaalala mong kuwento na nagbibigay-takot sa iyo?<br>✔ Paano mo ilalarawan ang mga tauhan sa kuwento ng katatakutan na nabasa o napanood mo?<br><br>Pagbasa ng Kuwentong Kababalaghan<br>Ang “Aswang” Sa Baryo Dekada Sitenta</td>
<td>Ipabasa muna ang mga gabay na tanong bago basahin ang kuwentong katatakutan.<br><br>Pangkatin sa tatlong grupo ang mga mag-aaral: (1) Mang Boy, (2) Elias, at (3) Pamilya Cruz. tinawag ay siya naman ang tatawag ng susunod na babasa.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Mula sa: [https://philnews.ph/2018/11/12/maikling-kwento-ang-aswang-sa-baryo-dekada-sitenta/](https://philnews.ph/2018/11/12/maikling-kwento-ang-aswang-sa-baryo-dekada-sitenta/)<br><br>Iilan lang ang mga nakatira sa Baryo Sitenta dahil sa sabi-sabi na may “aswang” daw na nakatira sa baryo na iyon. Kabilang sa mga nakatira doon ay ang pamilya Cruz – sina Mang Kaloy at Aling Cecilia at ang kanilang dalawang anak na sina Carlos at Cerio. Bantog na “aswang” daw ang kapitbahay nila, si Mang Boy. Ngunit, kahit kailan, hindi ito pinaniniwalaan ng pamilya Cruz dahil sa kabutihan na ipinapakita ng matanda sa kanila. Isang araw, may isang grupo ng kabataan na pumunta sa bahay ni Mang Boy. Nagkataon din na nasa bakuran sina Mang Kaloy at ang dalawa niyang anak na lalaki naglilinis.<br>“Hoy aswang lumabas ka riyan! Iwan mo na ang baryo namin susunugin namin itong bahay mo!” sigaw ni Elias, isa sa mga grupo ng kabataan.<br>“Elias! Ba’t ganyan ka magsalita sa matanda? Galangin mo naman siya,” sabi ni Mang Kaloy sa anak ng tindero sa baryo nila. Umalis ang grupo ng mga kabataan bago pa man nakalabas si Mang Boy sa maliit niyang bahay.<br>Kinabukasan, usap-usapan sa baryo nila na nawawala si Elias at isa sa mga kaibigan niya.<br>“Siguro kinuha sila ng matanda kagabi, nakakatakot na talaga itong lugar natin,” sabi ng tindera sa maliit na tiangge.<br>Narinig nina Mang Kaloy ang usap-usapan ngunit panatag ang kalooban nilang mag-asawa na walang kinalaman si Mang Boy sa pagkawala ng dalawang bata. Sina Carlos at Cerio naman ay may kaunting duda at takot na.<br>Lumipas ang isang araw na hindi pa rin nakikita sina Elias at ang kaibigan niya. Nagplano ang mga nakatira sa Baryo Dekada Sitenta na gumawa na ng aksiyon.<br>“Ano kaya kung ipagpatuloy natin ang banta nina Elias sa matanda? Baka sakaling ipakita na niya ang totoo niyang pagkatao,” sabi ng isa sa mga nakatira roon.<br>Nagtipon-tipon sila ng madaling araw. Walang kaalam-alam ang pamilya Cruz sa plano ng mga kapitbahay nila na sunugin ang bahay ni Mang Boy. Naisagawa nila ito. | |

"Carlos, Cerio gising! Nasusunog ang bahay ni Mang Boy, labas na tayo at baka madamay ang bahay natin," sigaw ni Aling Cecilia habang ginigising ang dalawang anak niya.

Lumabas ang pamilya at nakita nilang nag-aabang ang mga tao sa paglabas ng tinagurian nilang "aswang". Subalit, halos maubos na ang likuran ng bahay ni Mang Boy ay walang "aswang" na lumabas. Ang lumabas ay isang matanda na mahinang-mahina na at halos hindi na makahinga sa usok sa nasusunog niyang bahay. Sinalubong siya ni Mang Kaloy bago pa siya bumagsak sa lupa.

Hinikayat ng pamilya Cruz ang mga tao na magtulong-tulong na apulahin ang apoy. Hindi na nakatanggi ang mga taga-Baryo Dekada Sitenta kahit medyo labag sa kalooban nila. Kinabukasan, dumating si Elias at ang kaibigan niya. Mula pala sila sa bayan, may pinuntahang kaibigan at hindi nakauwi agad. Sising-sisi ang mga taga-Baryo Dekada Sitenta sa ginawa nila kay Mang Boy. Pinatira ng pamilya Cruz ang matanda sa bahay nila ngunit hindi rin ito nagtagal. Labis na naapektuhan ang kalusugan niya sa mga usok na nasinghot noong araw na iyon at mahinang-mahina na siya.

"Maraming salamat sa hindi niyo paghusga sa akin sa kabila ng pananaw ng lahat ng taga rito sa akin. Hindi ako 'aswang', sadyang ayaw ko lang na patulan yung mga sinasabi nila dahil hindi naman totoo."

Inakala nilang may aswang sa baryo na ito dahil paunti na ng paunti ang mga nakatira dito at akala nila ay ako ang dahilan dahil matanda na ako at nakakatakot para sa kanila. Ngunit ang totoo, ang mapanghusgang mga taga rito ang dahilan kung bakit umaalis ang ibang mga taga rito para mamuhay sa kabilang baryo. Sana'y balang araw ay hindi na ganito ang mga nakatira sa baryong mahal ko," sabi ni Mang Boy bago siya tuluyang nawalan ng hininga.

**KUWENTUGON: PAGTUGON SA PAGSASANAY**

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**

A. Ibigay ang kahulugan ng kilos o pahayag ng tauhan ayon sa binasang kuwento.

| Kilos/ Pahayag ng Tauhan | Kahulugan |
|---|---|
| 1.Iilan lang ang mga nakatira sa Baryo Sitenta | ______________________________<br>______________________________ |

Isulat sa kapirasong papel ang bawat sitwasyon. Rolyohin ito at ipabunot sa bawat pangkat. Hayaang pag-usapan ng bawat miyembro sa grupo kung paano sasagutin ang sitwasyon.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td></td><td>__________________</td></tr>
<tr><td>2. Ngunit, kahit kailan, hindi pinaniniwalaan ng pamilya Cruz na aswang si Mang Boy dahil sa kabutihan na ipinapakita ng matanda sa kanila</td><td>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>__________</td></tr>
<tr><td>3. “Hoy aswang lumabas ka riyan! Iwan mo na ang baryo namin susunugin namin itong bahay mo!” sigaw ni Elias.</td><td>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________</td></tr>
<tr><td>4. “Ano kaya kung ipagpatuloy natin ang banta nina Elias sa matanda? Baka sakaling ipakita na niya ang totoo niyang pagkatao,” sabi ng isa sa mga nakatira roon.</td><td>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________<br>__________________________</td></tr>
<tr><td>5. Subalit, halos maubos na ang likuran ng bahay ni Mang Boy ay walang “aswang” na lumabas. Ang lumabas ay isang matanda na mahinang-mahina na at halos hindi na makahinga sa usok sa nasusunog niyang bahay.</td><td>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________<br>__________________________<br>__________________________</td></tr>
</table>
IKALAWANG ARAW
B. Angkop na Salita sa Pagpapahayag: Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat. Ipasagot ang bawat sitwasyon na nakasaad sa mabubunot na
</td>
<td>Gabayan ang mga mag-aaral sa paggawa ng kuwentong katatakutan. Tiyakin na makapag-aambag ang bawat mag-aaral. Pumili ng pinakamahusay na kuwentong katatakutan at ipalahad ito sa klase.</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td>papel. Isaalang-alang ang angkop na pahayag. Ilahad sa klase ang sagot sa pamamagitan ng maikling dula.<br><br><table><tr><td>Sitwasyon1: Pinag-uusapan ng mga kaibigan mo ang isa mong kaklase at sinasabihan siyang “kapre” dahil sa kaniyang hitsura na may maitim na balat, malaking katawan, at hindi nakikipag-usap sa inyo.<br>Paano mo siya kakausapin?<br>Sagot:<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________</td><td>Sitwasyon 2: Laging nakatungo ang kaklase mo na katabi mo sa upuan. Kapag tinatanong mo siya ay tinitingnan ka lamang niya at kung minsan ay tumatango o umiiling para sagutin ang mga tanong mo. Naisip mo kung siya ba ay may problema. Minsan ay tinukso siya ng mga kaklase mo na aswang dahil hindi siya tumitingin sa mata. Paano mo sasabihin sa mga kaklase mo na hindi iyon totoo?<br>Sagot:<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>_____</td></tr><tr><td>Sitwasyon 3: Lagi ka na lamang nilalayuan ng mga kaklase mo dahil ang akala nila ay palagi kang nagagalit. Pero ang totoo ay nahihiya kang makipag-usap sa kanila. Paano mo ito sasabihin sa kanila?<br>Sagot:<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________</td><td>Sitwasyon 4: Takot na takot kayo sa inyong guro dahil napapabalitang siya ay mangkukulam. Dahil dito ayaw niyong lumapit sa kaniya at nakatungo lagi ang ulo niyo kapag kinakausap. Paano niyo ito sasabihin sa inyong guro?<br>Sagot:<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________</td></tr></table></td><td><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br><br>Ipaalala sa mga mag-aaral na ang uri ng pang-uri ay natalakay na sa unang kuwarter. Bigyang-diin ang Pang-uring Pasukdol.</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | ______________________________________ _____ |

**KUWENSUKDULAN: BUGSO NG NATUTUHAN**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

A. **IPALIWANAG MO.** Ipaliwanag ang kahulugan ng kilos ng tauhan o pangyayari batay sa kuwentong binasa. Isulat ang sagot sa patlang.

| TAUHAN | KILOS/PANGYAYARI | KAHULUGAN |
|---|---|---|
| 1.Mang Boy | Dahil sa nalanghap niyang usok tuluyan na siyang nawalan ng hininga. | |
| 2. Mang Kaloy | "Ba't ganyan ka magsalita sa matanda? Galangin mo naman siya!" | |
| 3.Pamilya Cruz | Hinikayat ng pamilya Cruz ang mga tao na magtulong-tulong na apulahin ang apoy. | |
| 4. Elias | "Hoy aswang lumabas ka riyan! Iwan mo na ang baryo namin, susunugin namin itong bahay mo!" | |

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| 5. Mang Boy | "Maraming salamat sa hindi niyo paghusga sa akin sa kabila ng pananaw ng lahat ng taga rito sa akin." | |

B. **ISTORYA KO**. Bumuo ng sampung miyembro sa bawat pangkat. Sumulat ng maikling kuwentong kababalaghan na may sampung pangungusap lamang. Irekord ito na may bakgrawn ng tunog na katatakutan. Pagkatapos ay ilahad sa klase. Gawing batayan ang rubrik sa pagmamarka.

**RUBRIK SA PAGMAMARKA**

| KRAYTERYA | 5 | 4 | 3 | 2 | PUNTOS |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pagkamalik-hain** | Lubos na nagpama-las ng pagka-malikhain sa pagkukuwento | Naging malikhain sa pagkuku-wento | Hindi gaanong naging malikhain sa pagkuku-wento | Walang ipinamalas na pagkama-likhain sa pagkuku-wento | |
| **Organisasyon** | Napakali-naw na nailahad ang kuwento ng katataku-tan | Malinaw na nailahad ang ang kuwento ng katataku-tan | Hindi gaanong malinaw na nailahad ang mga ang kuwento ng katataku-tan | Malabo ang pagkakala had ng mga ang kuwento ng katataku-tan | |
| **Kaangkupan** | Angkop na angkop | Angkop ang mga | Hindi gaanong | Hindi angkop | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ang mga salita at musikang ginamit | salita at musikang ginamit | angkop ang mga salita at musikang ginamit | ang mga salita at musikang ginamit | |

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Kaantasan ng Pang-uri: Pasukdol**

**Ipabasa ang mga pangugusap mula sa binasang teksto.**

1. Ang lumabas ay isang matanda na *mahinang-mahina* na.
2. Hindi na nakatanggi ang mga taga-Baryo Dekada Sitenta kahit *medyo labag sa kalooban* nila.
3. *Labis na naapektuhan* ang kalusugan niya sa mga usok na nasinghot.

**1. Pagproseso ng Pag-unawa: Sagutin ang sumusunod na tanong:**

1. Ano ang napansin sa mga nakahilig na salita?
   **Sagot:** ___________________________________________
2. Ano ang tawag sa mga paglalarawang ito?
   **Sagot:** ___________________________________________
3. Ano ang mga salitang ikinabit sa mga salitang pang-uri?
   **Sagot:** ___________________________________________
4. Anong uri ng paghahambing ang napansin mo?
   **Sagot:** ___________________________________________
5. Paano naiba ang mga salitang naglalarawan?
   **Sagot:** _______________________________________________

**Talakayin ng Guro:** Tinatawag na **Pang-uri** ang mga salitang naglalarawan. Maaaring ang inilalarawan nito ay katangian ng pangngalan o panghalip. May tatlong antas ang pang-uring pahambing:

1. **Lantay** - naglalarawan ito ng isa o payak na pangngalan o panghalip na walang pinaghahambing.

*Halimbawa:* Mabuti ang mga anak ng pamilyang Cruz.

2. **Pahambing** - ginagamit ito sa pagtutulad ng dalawang pangngalan o panghalip. May dalawang uri ito: pahambing na magkatulad at di-magkatulad.

*Halimbawa:* Mas masama ang mga taga baryo kaysa kay Elias.

**3. Pasukdol –** ito ang uri ng paghahambing na namumukod o nangingibabaw sa lahat ng pinaghahambing. Maaari itong negatibo o positibo. Masidhi ang paglalarawan dito kaya maaaring gumagamit ng mga salitang *sobra, ubod, pinaka, tunay, talaga, saksakan,* at kung minsa'y *pag-uulit* ng pang-uri.

*Halimbawa:* Mahinang-mahina na si Mang Boy nang dumating ang pamilya Cruz.

2. **Pinatnubayang Pagsasanay:** Humanap ng kapareha at sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang pagkaunawa mo pang-uring pasukdol?

**Sagot:** ______________________________________________
______________________________________________

2. Ano ang iba't ibang uri ng pang-uri?

**Sagot:** ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Ano ang kaibahan ng pang-uring pasukdol sa lantay at pahambing?

**Sagot:** ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Magbigay ng limang halimbawa ng pang-uring pasukdol?

**Sagot:** ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

**3. Pinatnubayang Pagsasanay**

| | | |
|---|---|---|
| | A. Guhitan ang mga **pang-uring pasukdol** sa bawat pangungusap.<br>1. Sobrang manghusga ang mga tagabaryo kay Mang Boy.<br>2. Medyo naiinis ang mga tao sa sinabi ni G. Cruz.<br>3. Mabait pa rin si Mang Boy sa mga tagabaryo.<br>4. Pinakamabuti ang pamilya Cruz sa mga tagabaryo.<br>5. Mahinang-mahina na si Mang Boy nang masunog ang kaniyang bahay.<br><br>**4. Paglalapat at Pag-uugnay.**<br>A. Sumulat ng limang pangungusap na may pang-uring pasukdol gamit ang mga pang-uring nakasaad bilang gabay.<br><br>1. **mahina**<br>*Pangungusap:* ____________________<br>2. **mabait**<br>*Pangungusap:* ____________________<br>3. **mabangis**<br>*Pangungusap:* ____________________<br>4. **galit**<br>*Pangungusap:* ____________________<br>5**. inis**<br>*Lantay* ____________________ | |
| **4. Paglalahat** | **KUWENWAKAS: PAGSIBOL NG TUGON**<br>• **Pabaong Pagkatuto**<br>**A.** Iparinig ang isang kuwentong katatakutan sa *podcast*: https://chartable.com/podcasts/kwentong-kababalaghan-dieem-stories Isulat ang buod nito na may pito hanggang sampung pangungusap lamang.<br>**B.** Batay pa rin sa tekstong binasa, sumulat ng limang pang-uring pasukdol. Bilugan ang mga pang-uring pasukdol. Isulat ito sa kuwaderno. | |

| | | |
|---|---|---|
| | • **Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Kabayanihan:** Basahing mabuti ang sitwasyon at pagnilayan ang sagot hinggil dito.<br>1. Sa iyong palagay, dapat bang husagahan ang tao sa kaniyang panlabas na anyo?<br>2. Napatunayan na hindi aswang si Mang Boy. Kung ikaw ang isa sa mga tagabaryo na sumunog sa kaniyang bahay, ano ang mararamdaman mo? Bakit?<br>3. Kung ikaw si Elias, ano ang mararamdaman mo sa nangyari kay Mang Boy?<br>3. Magsalaysay ng iyong karanasan tungkol sa mga paniniwala tungkol sa mga katatakutan. Humandang ibahagi ito sa klase. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**Pagsusulit.**<br>**A.** Ilarawan ang mga tauhan sa binasang kuwentong katatakutan. Magsulat ng **dalawang pang-uri** upang mailarawan sila.<br>1. Mang Boy<br>**Pang-uri:** ________________________, ______________________________<br><br>2. Pamiya Cruz<br>**Pang-uri:** ________________________, ______________________________<br><br>**3.** Elias<br>**Pang-uri:** ________________________, ______________________________<br><br>4. Anak ni Cruz<br>**Pang-uri:** ________________________, ______________________________<br><br>5. Mga Tagabaryo Sitenta<br>**Pang-uri:** ________________________, ______________________________ | |

B. Sumulat ng pangungusap gamit ang mga pang-uring pasukdol.

1. mahinang-mahina

**Pangungusap:** ____________________________________________

2. grabeng galit

**Pangungusap:** ____________________________________________

3. lubhang nag-aalinlangan

**Pangungusap:** ____________________________________________

4. sobrang ingay

**Pangungusap:** ____________________________________________

5. gulat na gulat

**Pangungusap:** ____________________________________________

C. Iparinig ang *sound effects* tungkol sa katatakutan at hayaang lumikha ng kuwento ang mga mag-aaral habang ipinaririnig ito sa kanila. Narito ang *link*: https://www.youtube.com/watch?v=Qmu1zVUZDkc&list=PL15Ye5QoAEgxb8zdOLTA1tumUHE0vkSoE&index=1

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

1. Sa kuwaderno, isulat ang aral na napulot sa kuwento ng katatakutang binasa. Ipaliwanag ito sa dalawa hanggang tatlong pangungusap. Pumili ng may pikamagandang aral na napulot at ipalahad ito sa klase.
2. Pag-aralan ang tungkol sa **Maikling Kuwento** para sa susunod na paksa.

| ***D.* Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **E. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** Maria Fe G. Hicana | ***Sinuri ni:*** Jasper Lomtong |
| ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila | ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila |